# Balitang Manmin

BILANG 172 ENERO 15, 2017

# Seminar para sa mga Pastor at mga Pulong na may Panyong Nakapagpapagaling, Idinaos sa Nepal, India at Hong Kong


1



2


3


4


5



6


7


8


9


10


11


12

Noong Nobyembre 8-21, 2016, idinaos ni Rev. Heesun Lee, Pandaigdigang Tagapatnubay na Pastor ng Manmin (litrato 1), ang seminar para sa mga pastor at mga pagpupulong na may panyong nagpapagaling sa Nepal, India at Hong Kong. Ipinangaral niya ang ebanghelyo ng kabanalan at nanalangin gamit ang panyong makapangyarihan.

### Katmandu, Nepal: Pinasigla ang mga Pastor at Pinagaling ang Ketong

Sa umaga ng Nobyembre 10, nagdaos ng pagpupulong sa mga miyembro ng Nepal Manmin Church at nagsagawa ng seminar para sa mga pastor at mga manggagawa si Rev. Lee. Ang seminar ay dinaluhan ng mahigit sa 750 tao (litrato 2). Inabangan ito ng mga taga-Dubai, Bahrain at iba pang mga lugar sa Nepal.

Kinabukasan, Nobyembre 11, idinaos ng Nepal Manmin Church ang ika-11 anibersaryong selebrasyon at pagsamba. May 600 tao ang dumalo. Ibinahagi ni Rev. Lee ang mensaheng may titulong 'Change' (Pagbabago) na hango mula sa Filipos 2:17-18.

Kinahapunan, nanalangin si Rev. Lee gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Pagkatapos niyang manalangin (litrato 7), maraming nagpatotoo tungkol sa kanilang paggaling. Gumaling sila mula sa hika, pangangati, sakit sa thyroid, at hindi mapigilang pag-ihi. Muling nakarinig si Kapatid Home Bahadul Rai (litrato 8), tatlong taon na siyang bingi at tumuwid ang kanyang baluktot na likod. Gumaling ang ketong ni Kapatid Jei Ram Buzel (nasa pahina 4 ang buong kwento tungkol dito).

### Delhi, Northern India: Gumaling ang Pandinig at ang Chikungunya sa Pagpapagaling na Lumalampas sa Lugar at Panahon

Noong Nobyembre 13, nagdaos ng ika-4 na anibersaryo ang Delhi Manmin Church sa pamamagitan ng pagsamba (litrato 3-4), dinaluhan ito ng humigit-kumulang 350 tao.

Ibinahagi ni Rev. Lee ang mensaheng "Fruit" (Bunga), hango sa 1 Juan 3:18, at nanalangin siya gamit ang panyo. Gumaling ang problema sa paningin ni Kapatid Papu. Gumaling ang ina ni Kapatid Rohan na nagdusa sa chikungunya. Nasa bahay lang siya pero napagaling siya ng panalanging lumalampas sa lugar at panahon (litrato 9).

Si Kapatid Umeshi (litrato 10) ay bingi pero nakarinig siya dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee sa retreat sa tag-init noong 2016. Siya mismo ang nagsama sa mga bingi sa pagpupulong, apat sa kanila ang nakarinig. Marami pang iba ang gumaling mula sa panlalabo ng mga mata, diabetes, sakit sa mata.

### Chennai, Southern India at Hong Kong: Mga Bingi at Bulag, Nagsigaling

Noong Nobyembre 16, nakipagpulong si Rev. Lee sa mga miyembro ng Chennai Manmin Church. Ika-12 anibersaryo ng iglesya, nagdaos sila ng pagsamba na dinaluhan ng may 500 tao (litrato 5-6). Nalalangin siya gamit ang panyong nakapagpapagaling. Ibinahagi niya ang mensaheng may titulong "Love" (Pag-ibig, Juan 15:7-9).

Gumaling mula sa insomia (hindi makatulog) at pananakit ng mga balikat si Kapatid Jaswansing (litrato 11). Muntik na siyang mamatay dahil sa atake sa puso, pero noong Agosto 2016, idinalangin siya ni Dr. Lee.

Nakapagsalita at nakarinig ang magkabilang tainga ni Kapatid Rajendran (litrato 12). Gumaling si Kapatid Rebecca mula sa diabetes at pananakit ng buong katawan dahil sa komplikasyon, at gumaling ang pilay sa binti ni Kapatid Reuben. Bukod sa mga nabanggit, marami pang ibang gumaling mula sa hika, at mga sakit dahil sa stroke, ang iba ay lumaya sa mga demonyo at tumanggap ng iba't ibang biyaya tulad ng pampinansyal at promosyon sa trabaho.

Noong Nobyembre 20, araw ng Linggo, idinaos sa Hong Kong ang Pagsamba, Pagpapasalamat at Banal na Komunyon. At nang sumunod ang pagpupulong gamit ang panyong nakapagpapagaling, maraming tao ang gumaling mula sa iba't ibang karamdaman, kasama na dito ang pagiging bulag.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Ang Huling Pitong Wika ni Jesus sa Krus (3)

"At nang malapit na ang oras na ikasiyam, sumigaw si Jesus ng may malakas na tinig, na sinasabi, 'ELI, ELI, LAMA SABACTHANI?' na ang kahulugan ay 'DIYOS KO, DIYOS KO, BAKIT MO AKO PINABAYAAN?'" (Mateo 27:46)

"Pagkatapos nito, sapagkat alam ni Jesus na ang lahat ng mga bagay ay naganap na, sinabi Niya (upang matupad ang kasulatan), 'Nauuhaw ako.'...nang matanggap ni Jesus ang suka, sinabi Niya, 'Natupad na!'" (Juan 19:28-30)

Nag-iwan ng ilang salita si Jesus na dumating dito sa mundo bilang Tagapagligtas ng sangkatauhan bago Niya hugutin ang huling hininga sa krus. Tinawag itong "Ang Huling Pitong Wika ni Jesus sa Krus"nais Niyang itanim ang espirituwal na buhay sa sangktauhan hanggang sa mga huling sandali Niya sa krus. Talakayin natin ngayon ang pang-apat, panlima, at pang-anim na sinabi ni Jesus sa krus.

### Ang pang-apat na Wika: "Diyos Ko, Diyos Ko, Bakit Mo Ako Pinabayaan?"

Ang sinabi ni Jesus, "ELI, ELI, LAMA SABACHTHANI?" sa Mateo 27:46, ay "DIYOS KO, DIYOS KO, BAKIT MO AKO PINABAYAAN?" kung isasalin sa Tagalog.

Hindi ito sinabi ni Jesus sa Diyos para magreklamo o para ipahayag ang paghihirap Niya. Mayroong mahalagang espirituwal na kahulugan na nakapaloob sa mga salitang ito.

Anim na oras na ang nakalipas mula nang ibaon sa mga kamay at paa ni Jesus ang mga pako at ibitin Siya sa krus (Marcos 15:25-34). Kahit nanghihina na Siya, "sumigaw" pa rin Siya, ginawa Niya ito para ipaalala at ipaintindi sa mga tao kung bakit tinalikuran Siya ng Diyos at kung bakit Siya ipinako sa krus.

Ipinako si Jesus sa krus para tubusin ang sangkatauhan mula sa mga kasalanan nila. Dahil itnakdang talikuran ng Diyos ang sangkatauhan ayon sa sumpa ng kautusan, si Jesus ay isinumpa at tinalikuran ng Diyos para sa atin. Para ipaalala ang tungkol dito sa lahat ng tao, "sumigaw si Jesus."

Susunod, "sumigaw" si Jesus dahil marami pa ang mga taong gumagawa ng kamunduhan at lumalakad sa daang patungo sa kamatayan kahit isinuko na ng Diyos ang tanging Anak Niya para sa mga makasalanan. Nais ni Jesus na malaman ng lahat ng mga kaluluwa ang dahilan kung bakit Siya ipinako sa krus, kung bakit dapat tanggapin Siya bilang Tagapaligtas para magkaroon ng buhay na walang hanggan. Kaya sumigaw si Jesus, "DIYOS KO, DIYOS KO, BAKIT MO AKO PINABAYAAN?"

Kung naniniwala tayo ng taos-puso na pinabayaan ng Diyos na mapako sa krus si Jesus dahil sa mga kasalanan natin, hindi na dapat tayo mamuhay sa pagkakasala. Magsulong tayo ng banal na pamumuhay at maging mga anak Niya na karapat-dapat na tumawag sa Kanya ng "Ama". Sikapin din nating ibahagi ang mensahe ng krus para madala natin ang mga kaluluwang patungo sa kamatayan sa daan ng kaligtasan.

### Ang panlimang Wika: "Nauuhaw Ako."

Kapag dumadanak ang dugo ng isang tao, matindi ang pagkauhaw niya. Kaya ba ninyong isipin kung gaano kauhaw si Jesus habang nakapako Siya sa krus sa ilalim ng tuyo at mainit na panahon ng Israel sa loob ng mahabang oras? Pero hindi lang pisikal na uhaw ang pinagdurusahan ni Jesus; may espirituwal na kahulugan ang sinabi Niyang, "Nauuhaw Ako." Hinihikayat Niya ang bawat isa sa atin na pawiin ang uhaw Niya sa pamamagitan ng pagbabalik sa Kanya ng halaga ng dugong dumanak mula sa Kanya.

Paano natin "ibabalik kay Jesus ang halaga ng dugo Niya"? Dahil dumanak ang dugo Niya para iligtas ang makasalanang sangkatauhan, dapat tayong humayo at ibahagi ang ebanghelyo sa mga patungo sa Impiyerno. Bukod dito, maliban sa personal na pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga hindi mananampalataya, pwede tayong magbahagi sa pamamagitan ng pananalangin para sa kaligtasan ng mga kaluluwa at pagkakaloob sa Diyos para sa gawaing pangmisyon.

Nang sabihin ni Jesus, "Nauuhaw Ako," may mga naglagay sa isang espongha ng maasim na alak (suka) at ikinabit ito sa isang sanga ng isopo at inilapit ito sa Kanyang bibig. Tinanggap ni Jesus ang maasim na alak, pero hindi para pawiin ang uhaw kundi para matupad ang espirituwal na kautusan na itinakda ng propesiya mula sa Lumang Tipan (Mga Awit 69:21), 'binigyan nila Ako ng sukang iinumin'.

Dahil ininom ni Jesus ang maasim na alak, naging posible para sa atin na inumin ang bagong alak. Sumisimbulo sa kautusan ng Lumang Tipan ang 'maasim na alak' at ang 'bagong alak' ay sumisimbulo ng kautusan ng pag-ibig ng Bagong Tipan na si Jesus mismo ang tumupad.

Ayon sa kautusan ng Lumang Tipan, dapat parusahan ang lahat ng makasalanan, at ang pantubos ay dugo ng mga hayop na isinasakripisyo nila sa Diyos. Dahil si Jesus ang naging sakripisyo at pantubos sa atin mula sa sumpa ng batas sa pamamagitan ng kamatayan Niya sa krus, 'tinanggap Niya ang maasim na alak' para sa atin.

Mapapatawad ang mga kasalanan natin kapag mananampalataya tayo kay Jesu-Cristo at magsisisi sa ating mga kasalanan ng taos-puso. Ipinapakita ito sa 'pag-inom natin ng bagong alak', kaya sinabi ni Jesus, "Nauuhaw Ako", at tinanggap ang maasim na alak.

### Ang pang-anim na Wika: "Natupad na!"

Mababasa sa Juan 19:30, "Nang matanggap ni Jesus ang suka, sinabi Niya, 'Natupad na!' At itinungo ang Kanyang ulo, at Siya ay namatay." Sinabi Niya ito dahil natupad na Niya ang kalooban ng Diyos tungkol sa pagtubos ng sangkatauhan at pagtupad ng kautusan dahil sa pag-ibig.

"Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan," (Mga Taga-Roma 6:23), lahat ng mga makasalanan ay parurusahan ng kamatayan at pupunta sa Impiyerno. Sa loob ng mahabang panahon, pumapatay ng mga baka o mga tupa ang mga anak ng Diyos para isakripisyo ang dugo ng mga hayop na ito para sa kapatawaran ng mga kasalanan nila. Pero tinubos tayong mga makasalanan ni Jesus mula sa sumpa ng kautusan sa pamamagitan ng paghandog ng Kanyang sarili para maipako sa krus (Sa Mga Hebreo 7:27).

Ang mga hakbang na ginawa ni Jesus para tubusin ang sangkatauhan mula sa kanilang mga kasalanan ay tinupad Niya dahil sa hindi kayang isipin at ipaliwanag na napakalaking pag-ibig. Dumating dito sa mundo ang pinakamamahal na Anak ng Diyos, nagtiis ng pagpapahirap, binihag at pinarusahan ng mga makasalanan. Ipinutong sa ulo Niya ang koronang tinik, at ipinako ang mga kamay at mga paa Niya.

Nagkaroon tayo ng karapatang makapasok sa Langit dahil sa pananampalataya kay Jesu-Cristo. Nagtagumpay Siya sa kamatayan, napakalaki ng pag-ibig at sakripisyo Niya para sa atin. Anong dapat nating gawin ngayon? Dahil tinupad ni Jesus ang lahat ng kalooban ng Diyos dahil sa pag-ibig at sakripisyo Niya, at naging Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon, tayong mga iniligtas Niya ay dapat ding tumupad sa kalooban ng Diyos.

Ang kalooban ng Diyos para sa atin ay magkaroon ng perpektong kabanalan at perpektong katapatan. Magkaroon tayo ng siyam na bunga ng Banal na Espiritu, ng espirituwal na klase ng pag-ibig, at isakatuparan ang Mapapalad. Sinabi Niya sa atin na maging mga saksi tayo ng Panginoon sa bawat sulok ng mundo at pagsikapan mailigtas ang mga kaluluwa. Pagkatapos, makukumpleto na natin ang paghahanda bilang mga babaing pakakasalan Niya, buong-pusong gagawin ang mga tungkuling ibinigay ng Diyos, at sa araw ng pagbabalik Niya, sasabihin sa Kanya, "Natupad na!"

Mga kapatid kay Cristo, kapag naintindihan na ninyo ang espirituwal na kahulugan ng "Pitong Huling Wika ni Jesus sa Krus" at itatak ito sa mga puso ninyo, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na nawa ay bawat isa sa inyo ay magsulong ng buhay na tama sa harapan ng Diyos at nawa ay manirahan kayo magpakailanman kasama ng Panginoon sa pinakamagandang tirahan sa kalangitan.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ang Katapatan na Nakapagpapalugod sa Diyos

**Nagsusumikap kayong maging tapat sa inyong gawain, pero anong klaseng bunga ang ibinubunga ninyo? Mas mababa ang antas ng pagiging espirituwal ninyo kaysa sa inaasahan ninyo, at ang iba naman sa inyo ay may pinagdadaanang mga pagsubok. Tingnan natin kung nalulugod ang Diyos sa katapatang ipinapakita ninyo. Sikapin nating magbunga ng perpektong pagpapala ang mga binhi ng pananampalataya na itinatanim natin.**

Punto 1

## Tapat ba kayo dahil mahal ninyo ang Diyos?

May mga taong napaka-aktibo. Ginagawa nila ang mga tungkulin nila. Kasama sila sa mga gawain ng iglesya. Pinapakita nila na tapat sila dahil gusto nilang mapansin ng ibang tao. Pero, hindi nila aaminin ang tunay na hangarin nila, dinadaya nila ang sarili nila, iniisip nilang, "Ginagawa ko ang gawain ng Diyos dahil mahal ko Siya."

Susunod sa kalooban ng Diyos ang mga taong tapat sa pagmamahal nila sa Kanya para malaman kung ano talaga ang gustong makita ng Diyos mula sa kanila. Hindi nila sinusunod ang mga paraang inaakala nilang mabuti, at hindi nila sinusubukang makamit ang mga layuning ninanais nila. Sinusunod nila ang paraan ng Diyos, at sinisikap sumunod ayon sa kalooban Niya.

Dapat kayong maging masigasig at maalab na makamit ang mas malaking sukat ng pananampalataya dahil sa matinding pagmamahal ninyo sa Diyos at dahil sa kagustuhan ninyong maging tunay na anak Niya. Pero may mga nag-iisip, "Kasing sipag naman ako ng iba, pero bakit mas mababa ang tingin nila sa pananampalataya ko?" O kaya, "Mataas ang ranggo ko, dapat ang sukat ng pananampalataya ko ay hindi nakakahiya." Kung ganito ang iniisip ninyo, ibig sabihin, gusto ninyong matupad ang sarili ninyong kalooban.

Kung ang kalooban ninyo ang gusto ninyong sundin at hindi ang kalooban ng Diyos, dapat mag-aral kayo ng Salita Niya at manalangin, pero magsasawa din kayo, tatamarin kayo kung hindi ninyo nakamit ang gusto ninyong mangyari. Mananalangin kayo sa loob ng isa o dalawang buwan, pero kung walang nangyari, hihinto na kayo. Ang dahilan nito ay sapagkat ang kasipagan ninyo sa pananalangin ay hindi dahil may pananampalataya kayo o may pagmamahal kayo para sa Diyos.

Kung ginagawa ninyo ang mga tungkulin ninyo nang may tunay na pagmamahal para sa Diyos, makikipagkasundo kayo sa lahat ng tao. Kapag gagawa kayo ng mga tungkulin ninyo sa iglesya, suriin ninyo kung ginagawa ninyo ito dahil gusto ninyong mapuri o dahil totoong minamahal ninyo ang Diyos.

At hindi lang ang mga gawaing nakikita ng ibang tao ang gagawin ninyo, kundi pati ang mga hindi nakikita at mahihirap gawin, at gagawin ninyo ang mga ito nang may pagpapasalamat. Kahit kung minsan sisisihin kayo tungkol sa isang bagay na hindi ninyo kasalanan, sa Diyos lang kayo hihingi ng kalakasan.

Punto 2

## Totoo at hindi ba nagbabago ang katapatan ninyo?

May mga taong parang puno ng pagpapasalamat, parang tapat sa pananampalataya, pero bigla silang nawawala. Nawawalan sila ng gana kung hindi nangyayari ang gusto nila. O kaya kung hindi sila nakikinabang.

Ang iba naman, napapabayaan ang paglago sa pananampalataya dahil mas nakatuon sila sa pera, kasikatan, at iba pang bagay dito sa mundo. May mga masigasig sa pananampalataya dahil gusto nilang masagot ang hinihiling nila sa Diyos tulad ng paggaling mula sa karamdaman, o mga biyayang pinansyal. Pero mabilis na nanlalamig ang katapatan nila kung hindi masasagot ang mga kahilingan nila sa panahong pinili nila. May mga taong dumadalo sa lahat ng pagpupulong, gumagastos pa sila at nagpapagod. Gusto nilang makilala at mabigyan ng posisyon sa grupo. Pero kung hindi ito mangyayari, hindi na sila dadalo sa mga pagpupulong. Aktibo sa pagdalo ang ibang tao kung sila ang namamahala, pero hindi sila tumutulong at nanonood lang kung ibang tao ang namamahala.

Hindi nagbago ang katapatan ni apostol Pablo sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa buong pagmiministeryo niya. Hindi nanghina ang kalooban niya kahit hindi nagkaroon ng mahalagang bunga at niluwalhati ang pagmiministeryo niya. Hindi siya huminto kahit sinundan siya ng mga Judio kahit saan man siya pumunta dahil pinagtatangkaan siyang patayin ng mga ito. Inusig siya ng mga Hentil dahil sinasabi nilang nakikialam ito sa pagsamba nila sa mga diyus-diyosan. Ikinalungkot niya ang balitang may nangangalunya at nagkakasala sa mga miyembro ng iglesyang itinatag at pinagpaguran niya. Pinagtaksilan, iniwan, at hindi siya tinanggap ng ibang manggagawa, at sinasabi nila na hindi siya karapat-dapat maging apostol.

Pero hindi niya pinansin ang mga paghihirap. Hindi niya naramdaman ang pagod at hindi nanghina ang kalooban niya. Hindi siya nagreklamo, sinabing, "Bakit kailangan kong pagdaanan ang lahat ng ito? Bakit hindi ako tulungan ng Panginoon?" Hindi niya inisip: "Gaano katagal pa kaya akong magdurusa?" o kaya, "Hindi ko na kaya."

Kahit noong halos ikamatay niya ang pambabato sa kanya, nang magkamalay siya, nagbiyahe agad siya para magmisyon. Isinigaw niya ang papuri sa Diyos para marinig ng ibang bilanggo kahit binugbog siya at duguan, at ibinilanggo. Dahil nakabilanggo siya, at hindi makapaglibot para mangaral, nagpadala siya ng mga sulat sa bawat iglesya para patibayin muli ang pananampalataya ng mga lider at mga mananampalataya. Umaasa ako na ang katapatan ninyo sa Panginoon ay kikilalanin ng Diyos bilang totoo at hindi nagbabago, gaya ng katapatan ni Apostol Pablo.

Punto 3

## Nanggagaling ba sa pagpapasalamat sa kaligtasang ibinigay sa inyo ng Diyos ang katapatan ninyo?

Para hindi magbago ang katapatan ninyo, huwag ninyong kalimutan ang pagpapalang ibinigay sa inyo ng Diyos. Maalab ang pagtupad ni apostol Pablo sa mga tungkulin niya dahil sa pagpapalang kaligtasang tinanggap ng taong tulad niya na sa tingin niya, siya ang pinakamakasalanang tao.

Nang maligtas siya, buong buhay siyang nagpasalamat sa pagpapala, "Nagpapasalamat ako sa pagpapala ng Diyos na nagligtas sa akin. Inuusig ko ang Panginoon; isang malaking pagpapala para sa akin na ibinigay ng Panginoon ang tungkulin na maging apostol! Paano kayang ako pa ang binigyan ng mahalagang tungkulin para ipakilala ang Panginoon?" Kahit inusig at nagdusa siya, nagsikap siyang gawin ang tungkulin niyang ibahagi ang ebanghelyo.

Kapag tapat kayo dahil nagpapasalamat kayo sa pagpapala ng Diyos, hindi na kayo maghahangad ng papuri o gantimpala sa ginawa ninyo. Kahit nagsakripisyo at naging tapat kayo, mas malaki ang pagpapalang ibinigay ng Diyos sa inyo kumpara sa kahit na anong bagay na ibibigay ninyo sa Kanya.

Ang pinakamalaking pagpapala na tinanggap ninyo ay kaligtasan. Napakahirap panatilihin ang pananampalataya, lalo na sa mundo natin na puno ng kasalanan, kahit narinig na ninyo ang ebanghelyo at tinanggap ang Panginoon. At kahit sa tingin ninyo naiintindihan ninyo ang kalooban ng Diyos at naranasan na ninyo ang kapangyarihan Niya. Hinihikayat ko kayo na palaging alalahanin ang pagpapalang ito sa puso ninyo para mas maging tapat kayo bawat araw.

# "Pinagaling ng Diyos ang Ketong na 25 Taon Kong Pinagdusahan!"



Kapatid Jei Ram Buzel, 40 taong gulang, Nepal Manmin Church

Naninirahan ako sa isang maliit na nayon sa silangang bahagi ng Nepal. 15 taong gulang pa lang ako, nagkaproblema na ako. Kahit nagkasugat ang mga kamay at binti ko, hindi ko ito naramdaman. Ni hindi ko naigalaw ang mga daliri ko.

Nasuri na may ketong ako. Labis akong nalungkot at nagkaroon ng maraming katanungan tungkol sa buhay, "Bakit nangyari sa akin ito?" Habang lumalala ang pisikal na pagdurusa, nabahala na din ang damdamin ko.

Hindi ako pwedeng makigrupo sa ibang tao, ayaw kong aminin sa kanila na maysakit ako. Walang medisinang makagamot sa sakit ko, dahil dito, naging napakalungkot ko.

Samantala, ikinuwento sa akin ng kapatid kong si Simon Buzel ang tungkol sa Manmin Central Church na dinadaluhan niya. Sinabi niya sa akin na kapag tinatanggap ng mga tao ang panalanging may panyong dinalanginan ni Dr. Lee, Punong Pastor ng Manmin Central Church, gumagaling ang mga karamdaman nila. Sinabi din niya na darating sa Nepal Manmin Church si Rev. Heesun Lee, Pandaigdigang Tagapatnubay na Pastor ng Manmin, magdadaos ito ng pagpupulong na may panyong nakakapagpagaling (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Hinangad kong makadalo dito, umasang gagaling. Noong Nobyembre 10, sa tulong ng ama kong may edad na, pumunta ako sa Katmandu para dumalo sa seminar, at noong Nobyembre 11, dinaluhan ko din ang pagsamba para sa ika-11 anibersaryo ng iglesya. Nakakuha ako ng maraming pagpapala, kinahapunan, dumalo din ako sa Fullness of the Holy Spirit Prayer Meeting. Idinalangin ni Rev. Lee ang bawat isang naroon gamit ang panyo.

May himalang nangyari sa akin! Naigalaw ko ang mga daliri ko! Hindi ko naigalaw ang mga ito sa loob ng 25 taon! Nawala ang mga nararamdaman kong pananakit at pati ang mga sugat at peklat! Nakakaramdam na rin ako kapag may humahaplos sa akin!

Manghang-mangha ako sa himalang ginawa ng Diyos sa buhay ko, parang hindi ako makapagsalita sa tuwa. Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na dumating sa buhay ko na parang maalab na liwanag kahit isang abang tao lang ako. Pinagaling Niya ang ketong ko!






Ang pagtatanghal at pagdiriwang sa ika-11 anibersaryo ng Nepal Manmin Church (kaliwa) at si Kapatid Jei Ram Buzel na gumaling mula sa ketong (kanan)

# "Bumabata Daw Ako Habang Tumatagal, Sabi ng mga Tao!"

Diakonesa Sanok Park, 79 taong gulang, Gwangju Manmin Church



Noong Enero 10, nagsimula akong dumalo sa Gwangju Manmin Church dahil niyaya ako ng mga anak ko. Dahil naniniwala ako sa Diyos na Manlilika, malusog ang katawan ko, walang anumang karamdaman, kahit 79 taong gulang na ako.

Pagkatapos kong ipahid ang Muan Sweet Water (Exodo 15:25) sa mukha ko, nawala ang mga mantsa ng katandaan. Sinabi ng mga tao na nagmukhang bata ako. Bago ako nagsimulang magsimba, may masasakit ako sa katawan dahil sa pagtatrabaho sa bukid. Nagpa-'acupuncture' pa nga ako. Nang sumakit ang mga tuhod ko, nagpasuri ako sa ospital, sinabi ng mga doktor na dapat akong operahan. Pero nang simulan ko ang pagdalo sa iglesya, nawala lahat ng sintomas!

Noong taong 2012, gumaling ang rayuma ko. Masakit ang katawan ko kapag hinahawakan, lahat ng kasukasuan at mga buto ko ay parang tinutusok ng kutsilyo. Paralisado ang mga braso ko, hindi ko maitaas ang mga ito, ni hindi ako makapagbanyo ng walang tulong. Dapat nalang akong mamalagi sa higaan. Habang pinapakinggan ko ang mga sermon sa iglesya, nanalangin ako, "Binibigyan ng Diyos ng paningin ang mga bulag at binubuhay Niya ang mga patay. Gusto ko ring gumaling." Dumalo ako sa pagpupulong na may banal na pagpapagaling sa Manmin Prayer Center sa Seoul, kahit nakasaklay. Habang nananatili ako doon sa loob ng 12 araw, nagkaroon ako ng pananampalataya mula sa Diyos. Bumuti ang pakiramdam ko bawat araw. Dumating ang araw na hindi ko na kinailangan ang saklay, umuwi na ako.

Noong Hunyo 2014, may kamangha-manghang nangyari sa akin. Lahat ng mga miyembro ng iglesya ay nagbabasa ng Biblia, gusto kong sumali. Habang nagbabasa ako ng Biblia na may 'magnifying lens', naging napakaliwanag ng paningin ko, parang may nagbukas ng ilaw sa harapan ko. Bumuti na ang paningin ko, nabasa ko ang Biblia at ang mga anunsyo ng iglesya na nakapaskil sa dingding ng walang salamin sa mata. Nakapaglalagay pa ako ng sinulid sa karayom. Hallelujah!

Mag-isa akong naninirahan sa Sunchang, probinsya ng Jeonbuk, nagsasaka. May mga nagtatanong sa akin kung nalulungkot ako, ang sagot ko, "Buhay ang aking Diyos, mayroon akong GCN, paano ako magiging malungkot?"

Hindi ako makapunta sa iglesya kapag ordinaryong araw dahil malayo sa tirahan ko ang Gwangju Manmin Church, pero nakakadalo ako sa Daniel Prayer Meeting at sa ibang pagsamba sa GCN. Gustong-gusto ko ang mga programa sa GCN.

Tuwing Miyerkules, naliligo ako at nagbibihis pagkatapos magtrabaho. Naghahandog ako ng pagsamba na parang nasa iglesya ako. Nakikibahagi din ako sa magdamag na pagsamba tuwing Biyernes mula ika-11:00 ng gabi hanggang ika 4:00 ng umaga, nagpupuri at nagsasayaw ako sa harapan ng Diyos. Masayang-masaya ako.

Nabubuhay ako ngayon nang may pag-asa sa walang hanggang buhay sa Langit at puspos ng Banal na Espiritu. Hindi na ako naoospital, pinapakinggan ko ang Salita ng Diyos at palagi kong tinatanggap ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa GCN. Sinasabi ko sa mga kaibigan ko sa nayon namin, "Tingnan ninyo ako, hindi ko kailangang uminom ng medisina, nananatili akong malusog magmula nang magtiwala ako sa Diyos!" Wala akong ginawa para sa Kanya, pero napakaraming biyaya ang ibinibigay Niya sa akin. Nagpapasalamat ako sa Kanya.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714